Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 10 NG ENERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bemardo E. Ison ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 004-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 196-T'2000 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 05-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ NA NAGPAPATIBAY NG HALAGANG APATNARAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA LIBO LIMAMPU'T ANIM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P429,056.40) PARA SA 20% DEVELOPMENT FUND NG NABANGGIT NA BARANGAY SA TAONG 2001.*

*SAPAGKA'T,* ang halagang isinasaad sa itaas nito ay nakatakdang ilaan sa mga programa, proyekto at gawaing pangkaunlaran mula sa 20 bahagdang kabahagi ng pondong pangkaunlaran para sa nabanggit na barangay;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 196-T'2000/Ordinasa sa Laang Gugulin Blg. 05-T'2000 ng Sangguniang Barangay Santisima Cruz na nagpapatibay ng halagang P429,056.40 para sa 20% Development Fund ng nabanggit na barangay sa taong 2001.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Santisima Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan